2

# Health

## Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Mapanganib na Lugar sa Tahanan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Health – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat Markahan – Modyul 2:** Matukoy ang mapanganib na lugar sa tahanan.
(**H2IS-IVbc-13**)

**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat** | : May Bernadeth R. Cuzon |
| **Editor** | : Amelia F. Bulaong |
| **Tagasuri** | : Jocelyn DR. Canlas<br>Neil Omar B. Gamos |
| **Tagaguhit** | : Mary Rose G. Ga |
| **Tagalapat** | : Melissa M. Santiago |
| **Tagapamahala** | Nicolas T. Capulong, PhD, CESO V<br>Librada M. Rubio, PhD<br>Ma. Editha R. Caparas, EdD<br>Nestor P. Nuesca, EdD<br>Marie Ann Ligsay, PhD<br>Engelbert Agunday, PhD<br>Fatima M. Punongbayan<br>Arnelia R. Trajano, PhD<br>Salvador B. Lozano |

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon- Rehiyon III**
Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

# 2

# Health

## Ikaapat na Markahan – Modyul 2:
## Mapanganib na Lugar sa Tahanan

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Health** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Mapanganib na Lugar sa Tahanan!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **Health** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol **Mapanganib na Lugar sa Tahanan!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# *Alamin*

Ang modyul na ito ay isinulat upang matulungan kang matukoy ang mapanganib na lugar sa inyong tahanan at makaiwas sa mga maaring aksidente na mangyari. (H2IS-IVbc-13)

# *Subukin*

Panuto: Sa iyong kuwaderno, lagyan ng tsek (✔) ang mga bagay na makikita sa loob ng iyong bahay na maaring maging sanhi ng panganib at ekis (x) kung hindi.

1.



2.



3.




4.



5. ◯ 

6. ◯ 

Prosesong tanong.

1. Ano-ano mga bagay ang iyong nilagyan ng markang tsek?
2. Sa iyong palagay, anong panganib ang maaaring idulot ng mga ito?
3. Paano kaya maiiwasan ang mga aksidenteng idudulot ng mga ito sa loob ng inyong tahanan?

| Aralin 1 | Mapanganib na Lugar sa Tahanan |
|---|---|

Ang tahanan bilang kanlungan ng tao sa init, ulan, lamig, hangin, hayop, at tao na maaring magdulot ng panganib sa buhay ay may mga bahagi din at mga bagay na maaring magdulot ng panganib sa mga bata na wala pa sa wastong gulang. Kaya nararapat na malaman at matutunan ang mga bahaging dapat paka-ingatan.

# *Balikan*

Pang-walo sa sampung karapatan ng bawat batang Pilipino ang mabigyan ng proteksyon laban sa pang-aabuso, panganib, at karahasan kaya't nararapat lamang na matutunan ng batang tulad mo ang mga panganib na mayroon sa kapaligiran.

Sa iyong kuwaderno, itala ang sampung karapatan ng bata.

1. ______________________
2. ______________________
3. ______________________
4. ______________________
5. ______________________
6. ____________________
7. ____________________
8. ____________________
9. ____________________
10. ___________________

*Mga Tala para sa Guro*

Sa modyul na ito, matutunan ng mga mag - aaral na may mga lugar at bagay sa tahanan na dapat pag – ingatan sapagkat maaring magdulot ng panganib.

## Tuklasin

Panuto: Gamit ang larawan sa ibaba. Tukuyin ang pagkakaiba ng dalawang larawan. Sagutan ito sa iyong kuwaderno.





Prosesong tanong.

1. Ano-ano ang mga napansin mong pagkakaiba sa larawan?

   ______________________________________________

2. Sa iyong palagay, ano kaya ang maidudulot ng mga bagay na kakaiba sa larawan sa iyong kaligtasan?

   ______________________________________________

3. Kaya mo bang maiwasan ang mga aksidenteng iyong nabanggit, sa paanong paraan?

   ______________________________________________

# Suriin

Narito ang ilang lugar sa tahanan na sadyang na maaring magdulot ng panganin. Nararapat lang ang ibayong pag-iingat upang makaiwas sa mga aksidente.



**Hagdanan** – Marami nang aksidente ang nagaganap sa lugar na ito, kung saan nahuhulog o nadudulas ang mga tao. Dapat ay mayroong hawakan ang hagdan upang may magsilbing gabay. Tumingin mabute sa iyong hakbang. Iwasan ang pagtakbo at pagpapadulas dito habang umaakyat o bumaba.



**Banyo** - Madalas basa ang bahaging Ito ng bahay. Maari kang madulas at mawalan ng balanse rito at maging sanhi ng malalang aksidente tulad ng pag-kabagok ng ulo at iba pa. Panatilihing tuyo ito upang makaiwas sa pag-kadulas.



**Kusina** - Isa rin ito sa mapanganib na lugar sa ating bahay. Narito ang gasul at marami pang bagay na maaring pagmulan ng aksidente. Ang gasul sa kalan kapag napabayaan ay maaring sumabog at pagmulan ng sunog. Siguraduhing lagi itong sarado kapag hindi ginagamit. Narito rin ang mga matatalim na bagay tulad ng kutsilyo na maaring makahiwa kung mali ang gamit.

# Pagyamanin

Panuto: Ilagay ang mga kagamitang ito sa talahanayan kung saan sila dapat  nakalagay upang maiwasan ang aksidente. Gawin sa iyong kuwaderno.













| Kusina | Banyo | Silid-tulugan | Bodega |
|---|---|---|---|
| | | | |

## Isaisip

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang pupuno sa mga nawawalang salita sa talata. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

| | | |
|---|---|---|
| pag-gamit | maingat | pagkilos |
| tahanan | panganib | pag-laro |

Sa loob ng ating mga _______________ ay mayroon ding mga nakahambang ______________________. Dapat lang ay laging _____________________sa ating ______________________ at tamang ______________-_______________ ng mga bagay.

## *Isagawa*

Panuto: Ikonekta ang **SANHI** na nasa hanay A sa **BUNGA** na nasa hanay B.

| A | B |
|---|---|
| Balat ng saging | ● Nahiwa ang daliri |
| Basag na baso | ● Nadulas sa sahig |
| Matalim na kanto ng mesa | ● Nakuryente |
| Bukas na balat ng *electrical wire* | ● Nauntog |
| Mabigat na pinto | ● Naipit ang kamay |

## *Tayahin*

Panuto: Ayusin ang mga letra upang mabuo ang mga hinihinging salita na may kinalaman sa mga mapanganib na lugar sa loob at bakuran ng tahanan. Gawin ito sa inyong kuwaderno.

1. G H A D A N N A - Tumutukoy sa lugar kung saan umaakyat patungo sa pangalawang palapag.
2. U N I S A K - Tumutukoy sa lugar na kung saan nagluluto ang pamilya.
3. O Y A B N - Tumutukoy rin sa palikuran.

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Sumulat ng tatlong babala o paalala na maari mong ipaskil sa loob ng inyong bahay upang maiwasan ang mga aksidente.

1. ___________________________________

2. ___________________________________

3. ___________________________________

# Susi sa Pagwawasto

TAYAHIN

1.Hagdan
2.Kusina
3.Banyo

KARAGDAGANG GAWAIN

Guro ang magwawasto

ISAISIP

1.tahanan
2.panganib
3.maingat
4.pagkilos
5.pag-gamit

ISAGAWA

1. b
2.a
3.d
4.c
5.e

SUBUKIN

Guro ang magwawasto

PAGYAMANIN

Kusina – gunting

Banyo – bowl cleaner

Bleach

Silid-tulugan- plantsa

Lampara, libro

Bintana

Bodega – extension cord

Pako at martilyo

# *Sanggunian*

"DepEd Click." Accessed April 12, 2020. https://www.facebook.com/depedclick/posts/61133.602807133

"Grade 2 LM." k12resources, July 3, 2014. https://k12resources.wordpress.com/k12-learning-materials/grade-2-lm/.

Holecko, Catherine. "Make Exercise Fun for Kids With Easy Activities and Games." Verywell Family, June 19, 2020. https://www.verywellfamily.com/easy-exercises-for-kids-1257391.

"MELCs per SUBJECT (SY 2020-2021)," May 26, 2020. https://www.deped-click.com/2020/05/melcs-per-subject-sy-2020-2021.html.

"Tamang Nutrisyon Para Sa Mga Bata." RiteMED. Accessed May 18, 2020. https://www.ritemed.com.ph/articles/tamang-nutrisyon-para-sa-mga-bata.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph